Iba pang mga format at wika
Maaari ninyong makuha ang dokumentong ito sa iba pang mga wika, malalaking letra, braille, o sa format na inyong nais nang walang bayad. Makipag-ugnayan sa Explore Health sa explorehealth@oha.oregon.gov o sa 855-268-3767 (boses). Tumatanggap kami ng lahat ng tawag sa pamamagitan ng serbisyong tagapamagitan sa komunikasyon.

Patakaran sa Pagkapribado

Ang Inyong Impormasyon. Ang Inyong mga Karapatan. Ang Aming mga Responsibilidad.

Sa pangkalahatan, ang inyong kompanya ng seguro ang may hawak ng karamihan sa impormasyon tungkol sa inyong kalusugan at mga claim sa seguro, hindi ang Explore Health, ang Pamilihan ng Seguro sa Kalusugan ng Oregon (Oregon Health Insurance Marketplace), o ang Awtoridad sa Kalusugan ng Oregon (Oregon Health Authority OHA). Gayunman, dahil ang Explore Health ang Marketplace na pinamamahalaan ng estado ng Oregon, maaari kaming magkaroon ng ilang impormasyon kapag sinusuri namin ang inyong pagiging kwalipikado para sa saklaw sa Marketplace, tinutukoy kung maaari kayong maging kwalipikado para sa mga programa ng Planong Pangkalusugan ng Oregon (Oregon Health Plan OHP), o nakikipag-ugnayan sa OHP kapag kinakailangan.

Inilalarawan ng paunawang ito kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang inyong impormasyong medikal sa mga programa ng Explore Health at ng Awtoridad sa Kalusugan ng Oregon (Oregon Health Authority OHA) na may kinalaman sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado at koordinasyon. Ipinapaliwanag din nito kung paano ninyo makukuha ang impormasyong ito. Mangyaring suriin ito nang mabuti.

Ang Inyong mga Karapatan

May karapatan kayong:

- Humiling ng kumpidensyal na komunikasyon
- Hilingin sa amin na limitahan ang impormasyong aming ibinabahagi
- Kumuha ng listahan ng mga taong binahagian namin ng inyong impormasyon
- Kumuha ng kopya ng abisong ito sa pagkapribado
- Pumili ng taong kikilos sa inyong ngalan
- Maghain ng reklamo kung naniniwala kayong nilabag ang inyong mga karapatan sa pagkapribado

Tingnan ang pahina 2 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatang ito at kung paano gamitin ang mga ito.

Ang Inyong mga Pagpipilian

Mayroon kayong ilang pagpipilian sa paraan ng aming paggamit at pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa:

- Pagsagot sa mga tanong tungkol sa saklaw mula sa inyong pamilya at mga kaibigan
- Pagmemerkado ng aming mga serbisyo. Hindi namin ginagamit ang inyong protektadong impormasyong pangkalusugan (protected health information PHI) para sa pagmemerkado nang walang nakasulat na pahintulot mula sa inyo
- Pagbebenta ng inyong impormasyon. Hindi namin ibinebenta ang inyong PHI.

Tingnan ang mga pahina 4 at 5 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagpipiliang ito at kung paano gamitin ang mga ito.

Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyon habang kami ay:

- Nagsasagawa ng aming mga gawain, kabilang ang pagsusuri ng pagiging kwalipikado para sa OHP at para sa Explore Health, at pakikipag-ugnayan sa mga programa ng OHP
- Nagsasagawa ng pananaliksik, kabilang ang pakikilahok sa mga aprubadong proseso ng Lupon ng Institusyon para sa Pagsusuri (Institutional Review Board IRB) na tumitiyak sa proteksiyon ng inyong pagkapribado at mga karapatan
- Sumusunod sa batas
- Tumugon sa mga kahilingan tungkol sa kabayaran sa mga manggagawa para sa pinsala o sakit na dulot ng trabaho, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan
- Tumutugon sa mga demanda at legal na aksyon

Tingnan ang mga pahina 4 at 5 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagpipiliang ito at kung paano gamitin ang mga ito.

Ang Inyong mga Karapatan

Pagdating sa inyong impormasyon sa kalusugan, mayroon kayong ilang partikular na karapatan.

Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang inyong mga karapatan at ang ilan sa aming mga responsibilidad upang tulungan kayo.

Humiling ng kumpidensyal na komunikasyon

- Maaari ninyong hilingin na makipag-ugnayan kami sa inyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, sa telepono sa bahay o opisina) o magpadala ng koreo sa ibang address.
- Isasaalang-alang namin ang lahat ng makatuwirang kahilingan, at dapat kaming sumagot ng “oo” kung sasabihin ninyong malalagay kayo sa panganib kapag hindi namin pinagbigyan ang inyong kahilingan.

Hilingin sa amin na limitahan ang aming ginagamit o ibinabahagi

- Maaari ninyong hilingin sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang ilang partikular na impormasyon sa kalusugan para sa aming mga operasyon.
- Hindi kami obligadong sumang-ayon sa inyong kahilingan, at maaari kaming sumagot ng “hindi”

Kumuha ng listahan ng mga taong binahagian namin ng impormasyon

- Maaari kayong humiling ng listahan (talaan ng mga pagsisiwalat) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang inyong impormasyong pangkalusugan sa loob ng anim na taon bago ang petsa ng inyong kahilingan, kung kanino namin ito ibinahagi, at kung bakit namin ito ibinahagi.
- Isasama namin ang lahat ng pagsisiwalat maliban sa mga may kinalaman sa paggamot, pagbabayad, mga operasyon ng pangangalagang pangkalusugan, at ilang iba pa. Magbibigay kami ng isang talaan bawat taon nang walang bayad, ngunit maniningil kami ng makatuwirang bayad batay sa gastos kung hihiling kayo ng isa pang talaan sa loob ng 12 buwan.

Kumuha ng kopya ng abisong ito sa pagkapribado

- Maaari kayong humingi ng pisikal na kopya ng abisong ito anumang oras, kahit na sumang-ayon kayong matanggap ang abiso sa elektronikong paraan. Agad kaming magbibigay sa inyo ng pisikal na kopya.

Pumili ng taong kikilos sa inyong ngalan

- Kung nagbigay kayo sa isang tao ng medikal na kapangyarihan ng abugado, o kung ang isang tao ay inyong legal na tagapag-alaga, ang taong iyon ay maaaring gumamit ng inyong mga karapatan at magpasya tungkol sa inyong impormasyon sa kalusugan.
- Bago kami gumawa ng anumang hakbang, titiyakin naming may ganitong awtoridad ang taong iyon at maaari siyang kumilos sa inyong ngalan.

Maghain ng reklamo kung sa pakiramdam ninyo ay nilabag ang inyong mga karapatan

- Maaari kayong magreklamo kung sa pakiramdam ninyo ay nilabag namin ang inyong mga karapatan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa mga pahina 6 at 7.
- Maaari kayong maghain ng reklamo sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S. (U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights) sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawag sa 877-696-6775, o pagbisita sa www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints.
- Hindi kami gaganti laban sa inyo dahil sa paghahain ng reklamo.

Ang Inyong mga Pagpipilian

Para sa ilang partikular na impormasyon sa kalusugan, maaari ninyong sabihin sa amin ang inyong mga pagpipilian tungkol sa kung ano ang aming ibinabahagi. Kung mayroon kayong malinaw na kagustuhan kung paano namin ibinabahagi ang inyong impormasyon sa mga sitwasyong inilarawan sa ibaba, makipag-usap sa amin. Sabihin sa amin kung ano ang gusto ninyong gawin namin, at susundin namin ang inyong mga tagubilin.

Sa mga sitwasyong ito, may karapatan kayo at maaari ninyong piliing sabihin sa amin na:

- Magbahagi ng impormasyon sa inyong pamilya, malalapit na kaibigan, o iba pang may kinalaman sa pagbabayad para sa inyong pangangalaga.
- Magbahagi ng impormasyon sa isang sitwasyon ng pagtulong sa panahon ng sakuna kung hindi ninyo maipahayag sa amin ang inyong kagustuhan. Halimbawa, kung kayo ay walang malay, maaaring magpatuloy kami at ibahagi ang inyong impormasyon kung naniniwala kami na ito ay para sa inyong pinakamabuting kapakanan. Maaari rin naming ibahagi ang inyong impormasyon kapag kinakailangan upang mabawasan ang isang malubha at napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan.

Sa mga sitwasyong ito, hindi namin kailanman ibinabahagi ang inyong impormasyon maliban kung magbigay kayo sa amin ng nakasulat na pahintulot:

- Mga layunin ng pagmemerkado
- Pagbebenta ng inyong impormasyon
- Karamihan sa mga tala ng sikoterapiya

Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan?

Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan upang:

Patakbuhin ang aming organisasyon

- Maaari naming gamitin at ibunyag ang inyong impormasyon upang patakbuhin ang aming organisasyon at makipag-ugnayan sa inyo kapag kinakailangan.
- Hindi kami pinahihintulutang gumamit ng impormasyong henetiko upang magpasya kung ipapatala namin kayo sa isang planong pangkalusugan.

Paano pa namin magagamit o maibabahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan?

Pinahihintulutan o inaatasan kaming ibahagi ang inyong impormasyon sa iba pang mga paraan – karaniwan sa mga paraang nakatutulong sa kapakanan ng publiko, tulad ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Dapat naming matugunan ang maraming kondisyong itinakda ng batas

bago namin maibahagi ang inyong impormasyon para sa mga layuning ito. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html.

Tumulong sa mga usapin tungkol sa kalusugan at kaligtasan ng publiko

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo para sa ilang partikular na sitwasyon tulad ng:
- Pag-iwas sa sakit
- Pagtulong sa pagbawi ng mga produkto mula sa merkado
- Pag-uulat ng masasamang reaksiyon sa mga gamot
- Pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan
- Pag-iwas o pagbabawas sa isang malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman

Magsagawa ng pananaliksik

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyon para sa pananaliksik sa kalusugan, kabilang ang pakikilahok sa mga aprubadong proseso ng IRB na tumitiyak sa proteksiyon ng inyong pagkapribado at mga karapatan.

Sumusunod sa batas

- Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa inyo kung inaatas ito ng mga batas ng estado o pederal na batas, kabilang ang pagbabahagi sa Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao (Department of Health and Human Services) kung nais nitong tiyaking sumusunod kami sa pederal na batas sa pagkapribado.

Tumugon sa mga kahilingan tungkol sa kabayaran sa mga manggagawa para sa pinsala o sakit na dulot ng trabaho, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo:
- Para sa mga claim para sa kabayaran sa mga manggagawa kaugnay ng pinsala o sakit na dulot ng trabaho
- Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal na nagpapatupad ng batas
- Sa mga ahensiyang nangangasiwa sa kalusugan para sa mga gawaing pinahihintulutan ng batas
- Para sa mga natatanging tungkulin ng pamahalaan, gaya ng mga tungkuling pangmilitar, pambansang seguridad, at mga serbisyo para sa proteksiyon ng pangulo

Tumutugon sa mga demanda at legal na aksyon

- Maaari naming ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo bilang tugon sa isang utos ng hukuman o administratibong utos, o bilang tugon sa isang utos ng hukuman.
- Mga Pederal na Batas at Batas ng Estado sa Pagkapribado: Sinusunod ng Explore Health ang mga iniaatas ng mga pederal na batas at batas ng estado sa pagkapribado, kabilang ang mga batas tungkol sa pag-abuso sa droga at alak at sa paggamot dito, gayundin sa mga kondisyon sa kalusugang pangkaisipan at sa paggamot sa mga ito.

- Kung maglalabas ang Explore Health ng impormasyon sa ibang tao nang may pag-apruba ninyo, maaaring hindi protektado ang impormasyon ng mga panuntunan sa pagkapribado, at maaaring hindi obligadong protektahan ng taong tumatanggap ng impormasyon ang impormasyong iyon. Maaari nilang ilabas ang inyong impormasyon sa ibang tao nang wala ang inyong pag-apruba.

Ang Aming mga Responsibilidad

- Iniaatas sa amin ng batas na panatilihin ang pagkapribado at seguridad ng inyong protektadong impormasyon sa kalusugan.
- Gumagamit kami ng mga elektronikong pananggalang sa seguridad, tulad ng paglalapat ng lihim na kodigo sa datos, pagkontrol sa pagpasok sa sistema, at pag-audit, upang protektahan ang inyong impormasyon at matiyak na ang mga awtorisadong kawani lamang ang makakatingin o makakagamit nito.
- Agad naming ipaaalam sa inyo kung may maganap na paglabag na maaaring nagkompromiso sa pagkapribado o seguridad ng inyong impormasyon. Iniaatas ng Batas ng 1996 sa Paglilipat at Pananagutan ng Seguro sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996) na abisuhan namin kayo nang walang di-makatwirang pagkaantala at hindi lalampas sa 60 araw mula sa pagkakatuklas sa paglabag.
- Dapat naming gampanan ang mga tungkulin at sundin ang mga pamamaraan sa pangangalaga ng pagkapribado na inilalarawan sa abisong ito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon sa paraang iba sa inilalarawan dito maliban kung magbigay kayo sa amin ng nakasulat na pahintulot. Kung sasabihin ninyo sa amin na maaari namin itong gawin, maaari ninyong baguhin ang inyong pasya anumang oras. Ipaalam sa amin sa pamamagitan ng sulat kung babaguhin ninyo ang inyong pasya.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang:
www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html

Mga Pagbabago sa Mga Tuntunin ng Abisong Ito

Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito, at ang mga pagbabago ay malalapat sa lahat ng impormasyong mayroon kami tungkol sa inyo. Ang bagong abiso ay makukuha kapag hiniling, sa aming website, at magpapadala kami ng kopya sa inyo sa pamamagitan ng koreo kung hihilingin ninyo sa amin.

Ang Abisong ito tungkol sa mga Pamamaraan sa Pangangalaga ng Pagkapribado ay nalalapat sa Explore Health (ang pamilihan ng seguro sa kalusugan ng Oregon).

Upang magamit ang alinman sa mga karapatan sa pagkapribado na nakalista sa itaas, maaari kayong makipag-ugnayan sa Explore Health sa 855-268-3767 (malugod na tinatanggap ang lahat ng tawag sa pamamagitan ng serbisyong tagapamagitan sa komunikasyon) o sa explorehealth@oha.oregon.gov.

Upang hilingin ang abisong ito sa ibang wika, malalaking letra, Braille, o iba pang format, tumawag sa 855-268-3767 (malugod na tinatanggap ang lahat ng tawag sa pamamagitan ng serbisyong tagapamagitan sa komunikasyon).

Oregon Health Insurance Marketplace
Oregon Health Authority
PO Box 191
Salem, OR 97308
Email: explorehealth@oha.oregon.gov
Telepono: 855-268-3767 (malugod na tinatanggap ang mga tawag sa pamamagitan ng serbisyong tagapamagitan sa komunikasyon)
Binalangkas ang patakaran 10/30/2026

Explore Health: Oregon's Health Insurance Marketplace
PO Box 191
Salem, OR 97308
855-268-3767 (Malugod na tinatanggap ang mga tawag sa pamamagitan ng serbisyong tagapamagitan sa komunikasyon)
ExploreHealthOR.gov